THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 STO. NIÑO DE CALAPAN GRAND PROCESSION 2024

VOLUME 3 No. 08 Jan. 01, 2024 - Jan. 07, 2024

# THE 2ND CALAPAN CITY NEW YEAR'S EVE COUNTDOWN



*"Welcome 2024, panibagong pagpapala mula sa ating Panginoon at Magandang hinaharap para sa minamahal nating Lungsod ng Calapan — City Mayor Malou Flores-Morillo.*

Pinangunahan ni City Mayor Malou Flores-Morillo kasama ang kanyang buong pamilya ang pagsalubong ng mga Calapeño sa pagpasok ng bagong taon 2024, Linggo ng gabi, Disyembre 31, 2023.

Sa harap ng Calapan City Public Market ay nagtipon ang mga nakiisa sa isinagawang New Year's Countdown kabilang na dito si Mr. Orven Rabino, Hermano Mayor (Sto. Niño de Calapan Festival).

Habang hinihintay ang paglipat ng taon ay inaliw ng pagtatanghal mula sa iba't ibang grupo ang mga nag-aabang gaya ng Blu X, Elbitz, Calapan Rookies at Mayora Juana.

Pagpatak ng eksaktong alas dose ng hatinggabi ay sabay-sabay na nag-ingay at nagsilundagan ang mga manunuod dahil kasabay nito ay nasaksihan sa kalangitan ang makukulay na fireworks display.

Ang nasabing aktibidad ay pinangasiwaan ng Calapan City Tourism, Culture and Arts sa pamumuno ni City Tourism Officer Christian Gaud (Junard Acapulco/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Patuloy pa rin ang pagdagsa ng maraming bilang ng mga pasaherong palabas ng lalawigan ng Oriental Mindoro na kung saan kahit madaling araw na ng Enero 4 ay marami pa rin ang matiyagang pumipila at matamang naghihintay ng oras ng kanilang pagsakay ng barko sa pantalan ng Calapan City.

Pumangatlo ang PMO ng Oriental Mindoro sa pinakamaraming bilang ng mga pasahero simula Disyembre 16, 2023 hanggang Enero 2, 2024 na mayroong 376,152 na pasahero. Nasa ikalawang pwesto ang PMO Batangas na mayroong 439,997 na pasahero at nangununa naman ang PMO Panay/Guimaras na mayroong 440, 567 na pasahero.

Pumalo sa mahigit 8,000 pasahero ang dumagsa sa Calapan Port nitong Enero 1 at 10,000 hanggang 12,000 noong Enero 2 base sa tala ng PPA Port Management Office (PMO) Mindoro.

Inaasahan ng Philippine Ports Authority ang pagdagsa ng mga pasaherong pabalik ng Batangas Port dahil sa mga nagsiuwiang pasahero matapos ang holiday season.


Pinapayuhan ang lahat na magbaon ng pagkain, inumin at mahabang pasensya. (PIO Oriental Mindoro)






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361







# STO. NIÑO DE CALAPAN GRAND PROCESSION 2024





NAKIKIISA. NAGAABANG. NANANALIG.

Ganiyan ang mga Calapeño ng Mahal na Patron Sto. Niño, kaya naman napuno ng pag-asa ang kalungsuran ng muling isagawa ang Grand Procession nitong ika-1 ng Enero bilang bahagi ng pagpupuri sa Kaniyang kadakilaan.

Bata, matanda, magkakapamilya o magkakaibigan, baon nila ang mga panalangin at nakikiisa sa paglalakbay ni Sto Niño. Ang iba naman ay taimtim na nag-aantay sa kanilang tahanan, nag-aasam na dumaan at masilayan Siya.

Hindi makikita ang pagod sa paglalakad o maging ang pagkainip; ang naroon lamang ay ang matinding pananalig ng mga deboto sa Kaniya.

Sa pagpasok ng panibagong taon, dala Niya ang pag-asa sa Kaniyang pagsalo at pagsalo sa Lungsod ng Calapan. (CIO Calapan)







## MISS CALAPAN AT MISS ECO TOURISM 2023-2024, TAMPOK SA FLORAL PARADE



SA DAMI NG MGA BULAKLAK, dalawa ang namukod-tangi. Sa unang araw ng Enero, nasilayan ng Lungsod ng Calapan sina Miss Calapan City 2023-2024 Ashley Dwieghn I. Baluyot at Miss Eco Tourism Sharmaine A. Soriano. Sa pangunguna ng City Tourism, Culture and Arts Office, naging matagumpay muli ang taunang Floral Parade kung saan iprinisinta sa kalungsuran ang mga binibining kumakatawan sa ganda, kultura, at malakas na pananalig ng mga Calapeño bilang bahagi ng pagdiriwang ng Sto. Niño de Calapan Festival. (CIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 08 Jan. 01, 2024 - Jan. 07, 2024

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *2024 CALAPAN CITY FIESTA'S FIRST HYDRO PARTY CONCERT*

KAKAIBA AT DI PANGKARANIWANG KONSYERTO ang naranasan ng mga Calapeño sa mismong araw ng kapistahan ng lungsod ng Calapan na Sto. Niño de Calapan Festival 2024.

Sa pakikipagtuwang ni Mr. Orven Rabino, CEO/ Founder – Rabino Home Builders Corporation sa City Government of Calapan sa pamumuno ni City Mayor Malou Flores-Morillo ay matagumpay na naisakatuparan ang First Hydro Party sa OMNHS Open Ground, Enero 1, 2024.

Jam-packed ang performances na hatid ng mga mahuhusay na artists mula sa Maynila gayundin ang mga performers na tubong-Calapan. Sa umpisa pa lamang ay naaliw na ang mga manunuod dahil sa pagtatanghal na hatid ng local performers na kinabibilangan ng Calapan Rookies, TYR1 and BLU X, Elbitz, Dirtkruz One, Pop Corn Band, Kidz Can Tell at Izay Band.

Lalo pang dumagsa ang mga manunuod nang mag-umpisang magtanghal ang mga sikat na rappers na sina Issa Lo Ki at kiyo na talaga namang nagpagising sa mga kabataang manonood.

Sa pag-akyat sa entablado ng Gen Z Idol na si Flow G ay hindi na nakapagpigil ang mga kabataan na sabayan ng malalakas na sigawan na may kasama pang yugyugan ang bawat pagtatanghal habang tuluy-tuloy ang pagbuhos ng tubig mula sa fire truck ng CDRRMD.

Wet and wild, nabasa man subalit hindi pa rin magpaawat ang mga kabataan sa pagsasaya sa first ever hydro party sa Calapan City. Si Mr. Orven Rabino, bilang siyang Hermano Mayor ng kapistahan ngayong taon kasama ang kanyang pamilya ay naroon upang makisaya sa kapwa niya Calapeño.

Ang Ina ng Lungsod, Mayor Malou Flores-Morillo ay dumalo din sa nasabing konsyerto upang kanyang maipadama ang kagalakan na makitang sama-samang nagsasaya ang kanyang mga anak na Calapeño. Aniya ang ganitong okasyon ay bahagi ng pagsasakatuparan ng kanyang pangarap na muling maibalik ang saya at sigla sa lungsod. Hindi rin niya nakalimutang magpaabot ng pasasalamat kay Mr. Rabino na siyang nag-sponsor ng event.

Walang humpay na upbeat music naman ang hatid ng dalawang DJ's na sina DJ Razikyle at Mark Beats habang walang humpay din ang kanya-kanyang indakan sa ilalim ng malakas na pagbuga ng tubig.

Bukod sa kakaibang kasiyahang hatid ng nasabing hydro party ay lubos na tuwa ang naramdaman ng mga maswerteng nanalo ng brand-new motorcycle sa pa-raffle. May tatlong mapapalad na bumili ng raffle ticket ang nakapag-uwi ng Yamaha Mio i 125 (2nd prize), Suzuki Raider 150 (1st prize), at Yamaha NMAX (Grand prize) (Junard Acapulco/CIO).





